Republic of the Philippines
**Department of Education**

MAR 1 2 2008

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 123, s. 2008

IKA-36 NA PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Ika-36 na Pambansang Gawaing-Kapulungan sa Filipino ay idaraos ng Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod ng Filipino (PASATAF) sa May 5-8, 2008 sa Teachers Camp (Senior Mess) Lungsod ng Baguio sa pakikipag-ugnayan sa Kawanihan ng Edukasyong Elementarya, Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, Komisyon sa Wikang Filipino at Sangay ng Lungsod ng Baguio.

2. Ang paksang-diwa ng gawaing-kapulungan ay **"PASATAF: Kabalikat sa Panggunita sa Taon ng Pandaigdigang mga Wika".**

3. Pagkatapos ng gawaing-kapulungan, ang mga sumusunod na layunin ay inaasahang matutugunan:

a. Mapahalagahan ang bahaging ginagampanan ng PASATAF sa paggunita sa Taon ng Pandaidigang Wikain;
b. Maisapanahon ang mga kaalaman ng mga guro sa Masining na Pagkukuwento, Debate at Agham ng Sining ng Pagtuturo ng Pagbasa sa Filipino;
c. Mapahalagahan at mabigyang pagkilala ang mga natatanging guro sa Filipino sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya; at;
d. Maiangkop ang mga guro sa napapanahong mga isyu at iba pang usapin ukol sa paglinang ng Pagtuturo ng Filipino sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya.

4. Inaasahang dadalo sa kapulungang ito ang pambansang pamunuan at lupon, ang mga direktor ng PASATAF, mga kinatawan ng kawanihan sa tanggapang sentral ng DepED, CHED, at KWF, mga panrehiyon at pandibisyong tagamasid sa Filipino, mga superbisor o punong guro o sinumang hihiranging kinatawan sa elementarya, sekundarya at kolehiyo at unibersidad na pang-estado at pribado, mga dati nang kasapi ng PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at ng mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino.

5. Ang lahat ng dadalo ay magbabayad ng Apat na Libong Piso (PhP4,000.00) para sa rehistrasyon sa regular na kasapi na gugugulin sa pagkain at akomodasyon sa loob ng apat na araw, hand-awt, bag, t-shirt, bayad kasapian, honorarya at iba pang gastusin at karagdagang Tatlumpong Piso (PhP30.00) para sa mga bagong kasapi. Ang nabanggit na halaga at pamasahe ng bawat kalahok mula sa kanilang pinanggalingan patungo sa Baguio at pabalik ay dapat manggaling sa pondong lokal na sasailalim sa kinagawiang panuntunan sa pagsusuma at pag-oodit. Samantala, ang mga gugugulin ng kawani ng miyembro ng iba't ibang lupon ng tanggapang sentral ng DepED ay manggagaling sa nailaang pondo ng kawanihan para sa katulad na gawain.

6. Ang rehistrasyon ay isasagawa sa Benitez Hall. Ang sinumang nagnanais na magbigay ng paunang bayad sa rehistrasyon ay tatanggapin lamang sa loob ng dalawang (2) linggo bago ang nakatakdang gawaing-kapulungan. Maaari itong ipangalan sa PASATAF at ipadala kay Bb. Lilia Calegan, ingat-yaman ng PASATAF sa Monte Maria Subdivision, Phase 2, Annex A, CAT Grande, Davao City. Ang hindi makakapagpadala ng paunang rehistrasyon ay maaaring magpatala at magbayad sa mismong araw ng kapulungan. Walang magaganap na reserbasyon ng mga kasama. Paiiralin pa rin ang first-come, first-served lalo na sa akomodasyon ng mga silid-tulugan.

7. Magkakaroon ng pagpili sa Natatanging Guro sa Filipino sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya. Nakalakip ang panuntunan sa pagpili. Ang napiling panrehiyong Natatanging Guro ay dapat magsumite ng mga kinakailangang dokumento sa o bago sumapit ang Abril 30, 2008 sa pamamagitan ng LBC, kay Dr. Alberto Macob, OIC ASDS, Division of Pangasinan I, Alviar St., Lingayen, Pangasinan.

8. Ang interbyu ay isasagawa sa umaga ng Mayo 5, 2008. Ang aktwal na pakitangturo ay gaganapin sa Mayo 7, 2008. Bawat panrehiyong kinatawan ay dapat magsumiti ng sipi ng kanyang banghay-aralin (soft and hard).

9. Mahigpit na ipinaalala na iwasang magsama ng asawa, anak o kaibigang makasasagabal sa gawaing-kapulungan. Magdala rin ng kaukulang gamot para sa may mga maselang karamdaman. Hindi pananagutan ng PASATAF at mga tagapagtaguyod nito ang mga dadalong may karamdaman.

10. Ang unang pagkain ay sa hapunan ng Mayo 5 at ang huli ay meryenda sa hapon ng Mayo 8, 2008. Di pananagutan ng PASATAF ang pagkain at pagtira sa Teachers Camp na di sakop ng naturang panuntunan. Ang mga kasapi ng lupon ng mga direktor ay dapat dumating ng Mayo 4 para sa pagpupulong sa gabi ng nasabing petsa.

11. Kalakip nito ang Programa ng mga Gawain gayon din ang talaan ng mga bumubuo sa iba't ibang lupon. Mangyaring tumawag o makipag-alam sa mga sumusunod para sa karagdagang impormasyon:

| | | |
|---|---|---|
| **ALBERTO A. MACOB** | **GLORIA I. ALDAY** | **LILIA P. CALEGAN** |
| Pangulo, PASATAF | Kalihim, PASATAF | Ingat-Yaman, PASATAF |
| Sangay ng Pangasinan I | DepED-NCR | Tel. Blg. (02) 737-36715 |
| Tel. Blg. (075) 542-6132 | Tel. Blg. 921-5630/ | |
| CP Blg.0915-2191525 | 926-2233 | |

12. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

**TEODOSIO C. SANGIL, JR.**
Pangalawang Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran: Blg. 92, s. 2007
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

Reformatted by: Sally/Maricar (PASATAF)
February 14, 2008

(Kalakip ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 123, s. 2008)

**PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD NG FILIPINO (PASATAF)**

**Lupong Tagapayo**

| | | |
|---|---|---|
| DepED | - | Dr. Vilma L. Labrador |
| DepED | - | Dr. Lolita M. Andrada |
| CHED | - | Dr. Romulo Neri |
| KWF | - | Dr. Ma. Ricardo Duran Nolasco |

**Mga Honoraryong Tagapayo**

Dr. Pedro O. San Vicente

Dr. Pablo G. Natividad — Dr. Alejandro S. Cruz

**Lupong Tagapagpaganap**

| | | |
|---|---|---|
| Pangulo | - | Dr. Alberto A. Macob (R-I) |
| Pangalawang Pangulo | - | Dr. Marlene C. Ortega (R-IX) |
| Pangalawang Pangulo (Luzon) | - | Dr. Gertrudes H. Peji (R-V) |
| Pangalawang Pangulo (Visayas | - | Dr. Bibiana C. Espina (R-VI) |
| Pangalawang Pangulo (Mindanao) | - | Dr. Parcasia M. Chiong (ARMM) |
| Kalihim | - | Bb. Gloria I. Alday (NCR) |
| Ingat-Yaman | - | Bb. Lilia P. Calegan (R-IX) |
| Tagasuri | - | Gng. Yolanda V. Gilbuena (R-IV-A) |
| Tagapagbalita | - | Dr. Romeo S. Macan (R-VII) |

**Lupon ng mga Direktor**

Gng. Angeles C. Fiesta (R-II)
Dr. Encarnacion R. Ammuyutan (R-III)
G. Esmeraldo G. Lalo (R-IV-B)
Dr. Cresencia B. Catan (R-VIII)
Gng. Norma C. Navarro (R-X)
Dr. Cirila Salamanca (R-XII)
Gng. Charlita L. Ranoco (CARAGA)
Bb. Leonida B. Villanueva (KWF)
Dr. Virginia Lupian (CAR)
Gng. Evangeline Calinisan (BSE)
Gng. Josefina Lacuna (BEE)

**Lupon ng Paanyaya at Palatuntunan**

| | | |
|---|---|---|
| Tagapamahala | - | Dr. Alberto A. Macob |
| Ka-Tagapamahala | - | Bb. Gloria I. Alday |
| Kagawad | - | Dr. Virginia Lupian |
| | | Gng. Evangeline Calinisan |
| | | Bb. Maria Cristina Gumapos |

**Lupon sa Pagpili sa Natatanging Guro**

| | | |
|---|---|---|
| Tagapamahala | - | Dr. Alberto A. Macob |
| Ka-Tagapamahala | - | Bb. Gloria I. Alday |
| Kagawad | - | Dr. Gertrudes H. Peji |
| | | Dr. Bibiana C. Espina |
| | | Dr. Parcasia M. Chiong |

**Lupon sa Pagpili sa Rehistrasyon**

Tagapamahala - G. Federico L. Reyno
Ka-Tagapamahala - Gng. Yolanda V. Gilbuena

Kagawad

Bb. Presentacion Salandanan
Gng. Maribeth Gonzales
Gng. Merle del Prado
Gng. Zenaida Gonzales
Bb. Josefina Bernardo
Bb. Elizabeth dela Cruz
Gng. Zenaida Cinco
G. Manuel O. Lopez
G. Manuel Cabalejo
G. Francisco Reyes, Jr.

**Lupon sa Akomodasyon**

Tagapamahala - Dr. Parcasia M. Chiong
Ka-Tagapamahala - Dr. Romeo S. Macan

Kagawad

Dr. Felixberto Labastilla
Ma. Joy Diaz
Dr. Parcasia Avengga
Zenaida Galamgam

**Lupon sa Pagtanggap**

Tagapamahala - Dr. Marlene C. Tillah
Sandor B. Abad
Eleanor Cudia

**Lupon sa Gawad Pagkilala**

Tagapamahala - Dr. Esmeralda G. Lalo
Dr. Elpidia Bergado
Dr. Celia Zaparita
Gng. Marivic Malimban

**Lupon sa Dokumentasyon**

Tagapamahala - Bb. Leonida B. Villanueva

Kagawad

Lorna Lynn L. Wenceslao
Imelda B. Eusebio
Primo A. de Chavez
Alfredo Alegre
Sally G. Ciego
Carmelita Rillones
Maridel T. Ignacio
Rosauro Bondoc
Ma. Cristina Silvestre
Engracia Flores
Crispina G. Valderama
Gregorio Miles Granada
Maricar C. delos Reyes
Tita C. Robles
Felisa Remo
Shirley Guiang
Rena Bondame
Edna Aquino

**Lupon sa Resolusyon**

| | |
|---|---|
| Tagapamahala | - Dr. Gertrudes H. Peji |
| Ka-Tagapamahala | - Dr. Elvira K. Directo |
| Kagawad | - Dr. Marceli G. Macob |
| | Gng. Marivic Malimban |

**Lupon sa Pangkat Medikal**

| | |
|---|---|
| Tagapamahala | - Dr. Laureen Ortiz |
| Kagawad | - Marilyn Batonghinog |

**Lupon sa Pagtatalaga sa mga Bagong Kasapi**

| | |
|---|---|
| Tagapamahala | - Dr. Encarnacion Ammuyutan |
| | Gng. Norma C. Navarro |
| | Gng. Lolita Abueg |
| | Bb. Lolita R. Bondoc |

**Lupon sa Pagtatalaga sa mga Bagong Kasapi (Inisasyon)**

| | |
|---|---|
| Tagapamahala | - Dr. Virginia Lupian |
| Ka-Tagapamahala | - Rosalinda Tavara |

Kagawad

| | |
|---|---|
| Edith Alcanzaren | Ricardo Marero |
| Lourdes Mendoza | Rosalinda Tavara |

**Lupon sa Ebalwasyon**

| | |
|---|---|
| Tagapamahala | - Dr. Bibiana C. Espina |
| | Dr. Charlita Ranoco |
| | Imelda Mil |
| | Ofelia Eustaquio |

**Lupon sa Kalatas-Balita**

| | |
|---|---|
| Tagapamahala | - Bb. Lilia Calegan |

Kagawad

| | |
|---|---|
| Carmelita Lopez | Lorenzo Mendoza |
| Constancia Soriano | Mylen Sardido |

**Lupon sa Dekorasyon at Teknikal na Gamit**

| | |
|---|---|
| Tagapamahala | - Dr. Cresencia Catan |

Kagawad

| | |
|---|---|
| Bernadette Narvasa | Jose Damian Aover |
| Arnulfo Tirao | Lainez Catan |
| Oscar Cabael | Bryan Mojica |
| Manuel Ordinario | Eduardo Maybanting |

## Mga Tuntunin at Pamantayan sa Pagpili ng Natatanging Guro sa Filipino

1. Ang paligsahan ay bukas sa lahat ng mga guro sa Filipino sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya na kasapi ng PASATAF, kalakip ang katibayan ng pagiging kasapi at inindorso ng panrehiyong superbisor.

2. Nararapat na siya'y may performance rating na "Very Satisfactory" pataas sa loob ng tatlong taon.

3. Siya ang panrehiyong nanalo/kinatawan na pinatutunayan ng kanyang Direktor o panrehiyong superbisor.

4. Ang bawat kandidato ay bibigyan ng puntos sa mga sumusunod na aytem:

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 4.1 | Personalidadd at Pag-uugali | | - | 7% |
| 4.2 | Mga natapos na pag-aaral | | - | 3% |
| 4.3 | Mga natatanging nagawa | | - | 40% |
| | 4.3.1 | Demonstration Teacher sa loob ng 3 taon | - | 5% |
| | 4.3.2 | Nagsagawa ng seminar | - | 5% |
| | 4.3.3 | Resource speaker/facilitator/resource person | - | 5% |
| | 4.3.4 | Nagpakita ng inobasyon sa pagtuturo | - | 5% |
| | 4.3.5 | Gumawa ng kagamitang pampagtuturo | - | 5% |
| | 4.3.6 | Nagsagawa ng pananaliksik | - | 5% |
| | 4.3.7 | Trainor | - | 5% |
| | 4.3.8 | Natanggap na karangalan | - | 3% |
| 4.4 | Teaching Performance (huling 3 taon) | | - | 5% |
| 4.5 | Professional Development/Seminar na dinaluhan | | - | 5% |
| 4.6 | Aktwal na Pakitang-turo | | - | 40% |
| | | Total | - | 100% |

5. Ang panrehiyong nanalo at kakatawan sa rehiyon ay magsusumite ng mga sumusunod na dokumento bago sumapit ang Mayo 4, 2008 sa pamamagitan ng LBC kay Dr. Alberto A. Macob, OIC ASDS, Division of Pangasinan I, Alviar St., Lingayen, Pangasinan.

- 5.1 Sertipikasyon mula sa Direktor ng Rehiyon na siya ang nanalo sa rehiyon
- 5.2 Katunayan ng kahusayan ng pag-uugali
- 5.3 Performance rating sa loob ng 3 taon (certified true copy)
- 5.4 Service record (certified true copy)
- 5.5 Transcript of records
- 5.6 Personal Data Sheet
- 5.7 Talaan ng mga seminar/pasanayang dinaluhan (may kalakip na dokumento)
- 5.8 Talaan ng natatanging nagawa (may kalakip na dokumento)

6. Ang aktwal na pakitang-turo ay isasagawa sa Mayo 7, 2008

7. Ang tatanghaling PASATAF Natatanging Guro sa Filipino ay pagkakalooban ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Natatanging Guro sa Elementarya | - | P5,000 at tropeyo |
| Natatanging Guro sa Sekundarya | - | P5,000 at tropeyo |
| Natatanging Guro sa Tersyarya | - | P5,000 at tropeyo |

## Ika-36 Gawaing Kapulungan sa Filipino

| May 5 | Mayo 6 | Mayo 7 | Mayo 8 |
|---|---|---|---|
| 8:00-2:00 Pagpapatala at Interbyu sa mga Panrehiyong Natatanging Guro | 8:00-10:00 Plenaryong Sesyon Masining na Pagkukuwento ***-Manolo Silayan***<br>10:00-10:30 BREAK<br>10:30-12:00 Worksyap<br>*Namamahala - Reg. 2, 3* | 8:00-10:00 Agham at Sining ng Pagtuturo ng Pagbasa sa Filipino ***-Dr. Paquito Badayos***<br>10:00-10:30 BREAK<br>10:30-12:00 Pagpapatuloy ng panayam<br>*Namamahala - Reg. 5, 6* | 8:00 Gawad-Pagkilala<br>10:00 BREAK<br>*Namamahala - Reg. IV-A at IV-B*<br>10:30-12:00 Pangwakas na Palatuntunan<br>*Namamahala - Reg. 10, 11* |
| 3:00-5:00 Pambukas na Palatuntunan<br>*Namamahala - CAR, R-1*<br>6:00-7:00 HAPUNAN | 1:00-2:30 Plenaryong Sesyon Ang Sining ng Debate ***-Dr. Leo Zafra***<br>2:30-3:00 BREAK<br>3:00-5:00 Worksyap<br>*Namamahala - NCR*<br>5:30-7:00 HAPUNAN<br>7:00-10:00 MUTYA NG PASATAF<br>*Namamahala - CAR, Reg. 9* | 1:00-5:00 Pakitang-Turo<br>Parallel Sessions<br>Elementarya-Benitez Hall<br>Sekundarya-Quezon Hall (2nd Flr.)<br>Tersyaryo-Quezon Hall (1st Flr.)<br>Mamamahala:<br>Elementarya - 1. Dr. Cirila Salamanca<br>2. Dr. Cresencia Catan<br>Sekundarya - 1. Dr. Esmeralda Lalo<br>2. Dr. Yolanda Gilbuena<br>Tersyarya - 1. Dr. Marlene Tillah<br>2. Dr. Elenor Cudia<br>*Namamahala - Reg. 7, 8*<br>6:00-7:00 HAPUNAN<br>8:00-10:00 Inisasyon<br>*Namamahala - Reg. 12, ARMM* | 1:00 HOME SWEET HOME |